# Ang Iyong Karapatan na Katawanin

Maari kang mag-karoon ng kinatawan, gaya ng abogado, na makaka-tulong sa iyo kung may gagawin kang business sa Social Security. Maki-kipagtulungan kami sa iyong kinatawan gaya ng ginagawa naming paki-kipagtulungan sa iyo.

Para sa iyong proteksyon, sa karamihan ng mga sitwasyon, ang iyong kinatawan ay hindi maaaring sumingil o kumolekta ng bayad mula sa iyo nang hindi kumukuha ng nakasulat na pahintulot mula sa amin. Gayunpaman, ang iyong kinatawan ay maaaring tumanggap ng paunang pera mula sa iyo hangga't ito ay tinatago sa isang pinagkakatiwalaang account (trust account) o isang nakasulat na kasunduan na account (escrow account).

Kapwa ikaw at ang iyong kinatawan ay may pananagutan sa pagbibigay sa amin ng wasto't tamang impormasyon. Isang iligal na bagay ang magbigay ng maling impormasyon lalu na't batid o sinasadya. Kung gayon man, ikaw ay maaaring maharap sa isang kriminal na pag-uusig.

## Ano ang magagawa ng kinatawan

Sa oras na iyong itinalaga ang isang kinatawan, siya ay maaari nang gumanap sa iyong ngalan sa harap ng Social Security sa pamamagitan ng:

- Pagkuha ng impormasyon mula sa hanay ng iyong Social Security;
- Pag-tulong sa iyong kumuha ng mga medikal rekords mo o ano mang impormasyon para sa pag-suporta ng iyong claim;
- Para samahan ka, o siya lang mag-isa, sa anumang interview, komperensiya o pagdinig na meron ka sa amin;
- Pag-hiling ng rekonsiderasiyon, pagdinig o review sa Appeals Council; at
- Pagtulong sa iyo at sa iyong mga testigo para pag-handaan ang iyong pag-dinig at pag-tatanong sa sino pa mang testigo.

Ang iyong kinatawan ay tatanggap rin ng kopya ng mga desisyon, na ginawa namin sa iyong mga claim(s).

## Pagpili ng kinatawan

Pagpili ng isang abogado o ibang karapat-dapat na indibidwal na magkakatawan sa iyo. Ganuon pa man, ikaw ay hindi puwedeng kumuha ng kung sino man na nasuspinde o naalisan ng karapatan na maging kinatawan ng ibang tao bago sa Social Security Administration o ayon na rin sa batas na hindi pwedeng gumanap na maging kinatawan.

Ilang mga organisasyon na maaari makatulong sa iyo na makahanap ng isang kinatawan o magbigay ng libreng serbisyong legal kung ikaw ay maging karapat-dapat. Ang ibang kinatawan ay hindihumihingi ng kabayaran maliban sa kung ikaw ay makaka-tanggap ng mga benepisyo. Ang tanggapan ng Social Security sa iyong lugar ay may listahan ng mga organisasyon na makaka-tulong sa iyo na makahanap ng kinatawan.

Maaari kang magtalaga ng isa o maraming tao sa isang kompanya, korporasyon o ibang organisasyon bilang iyong mga kinatawan, ngunit ikaw ay **hindi maaaring** magtalaga ng mismong kompanya, korporasyon o organisayon.

Pagkatapos mong pumili ng iyong kinatawan, kailangang sabihin mo sa amin sa **pamamagitan ng pag-sulat** sa lalong madaling panahon. Para gawin ito, kumuha ng Form SSA-1696-U4, *Appointment of Representative* (*Pagta-talaga Ng Kinatawan*) sa aming website sa ***www.socialsecurity.gov*** o saan mang tanggapan ng Social Security.

Dapat mong ibigay ang pangalan ng indibidwal na iyong itinatalaga at lagdaan ng iyong pangalan. Kung ang indibidwal ay **hindi** isang abogado, siya ay dapat ding maglagda sa form.

## Ano ang sisingilin sa iyo ng iyong kinatawan

Upang masingil ka ng kabayaran sa mga serbisyo, ang iyong kinatawan ay kung baga una munang magpa-file sa amin ng isang pinag-kasunduang bayad o pitisyon ng kabayaran.

Ang iyong kinatawan ay hindi maaaring sumingil sa iyo ng higit sa halaga ng bayarin na aming pinahintulutan. Kung ang iyong kinatawan ay hindi sumasang-ayon sa bayad na aming pinahintulutan, maaari mong hilingin sa amin na muling tingnan ito.

Ang isang kinatawan na sumisingil o kumokolekta ng bayad nang wala kaming pahintulot o sumisingil o kumokolekta nang labis-labis, ay maaaring masuspindi o matanggalan ng karapatang kumatawan kaninuman sa harap ng Social Security Administration at maaari ring masampahan sa kriminal na pag-uusig.

## Pagsampa ng kasunduang kabayaran

Kung ikaw at ang iyong kinatawan ay may kasulatan na pinag-kasunduang kabayaran, ang iyong kinatawan ay kailangan kaming tanungin kahit anong oras para aprobahan ito bago kami mag-bigay ng desisyon sa iyong claim. Karaniwan, ina-aprobahan na namin ang kasunduan at sasabihin na lang namin sa iyo sa pamamagitan ng sulat kung magkano mag-papabayad ang iyong kinatawan basta ba:

- Pareho kayong pumirma ng kasunduan;
- Ang claim mo ay na-aprobahan at ang kinalabasan nito ay maka-katanggap ka na ng mga nakaraang benepisyo; at
- Ang pinag-kasunduan ninyong kabayaran ay hindi hihigit kumulang sa dalawamput limang 25 porsiyento ng mga nakaraang benepisyo na mata-tanggap mo o $6,000, alin man ang pinaka-menos.

Kung hindi namin pinahintulutan ang napagkasunduang bayad, ipagbibigay-alam namin sa iyo at sa iyong kinatawan sa pamamagitan ng sulat.

## Pag-sampa ng Pitisyon Sa kabayaran

Ang iyong kinatawan ay maaari kaming bigyan ng isang pitisyon ng kabayaran matapos niyang ma-kumpleto ang pagta-trabaho sa iyong claim(s). Dapat sa kasulatang ito

(kabila)

nakasaad ang detalyadong pagsa-salarawan ng tagal ng oras na ginugol niya sa bawat serbisyo na inilaan niya sa iyo. Ang kinatawan mo ay dapat kang bigyan ng kopya ng pitisyon ng kabayaran at ng bawat kalakip nito. Kung ikaw ay hindi sang-ayon sa hiniling na kabayaran o sa mga ipinakitang impormasyon, kontakin kami sa loob ng dalawampung araw 20. Kung ikaw ay hindi sumasang-ayon sa hinihinging bayad o sa ipinakitang impormasyon, tawagan kami sa loob ng 20 araw. Aming isasaalang-alang ang makatuwirang halaga ng mga serbisyo ng kinatawan at sasabihin sa iyo, sa kasulatan, ang halaga ng bayad na aming pinahihintulutan.

## Magkano ang iyong bayad

Ang halaga ng kabayarang pinag-pasiyahan namin na maaaring singilin sa iyo ng iyong kinatawan ay sapat lang na kabayaran mo para sa kanyang mga serbisyo kahit na pumayag kang bayaran ng mas malaki pang halaga ang iyong kinatawan. Ganuon pa man, puwede kang singilin ng iyong kinatawan na hindi kailangan ang pahintulot namin para sa mga panlabas na ginastos niya, tulad ng mga gastos para sa mga ulat na pang-medikal.

Kung ang isang abogado o hindi abogado ang ka-katawan sa iyo, na natuklasan naming nararapat para bayaran ng diretso, ordinaryo na naming binabawas ang dalawamput limang 25 porsiyento (hindi sosobra dito) ng iyong nakaraang benepisyo para ibayad patungo sa kanyang singil. Babayaran namin lahat o ang bahagi ng kung magkano ang halaga na sinisingil sa iyo ng iyong kinatawan sa nakaraang benepisyong ito at ang sobra ay ipapadala namin sa iyo.

Kung minsan ay kailangan mong bayaran nang diretso ang iyong kinatawan:

- Kailangan bayaran mo kung magkano pa ang pagka-kautang mo kung ang halaga ng ina-probahan namin ay mas malaki pa sa halagang ibinawas na namin at nai-binayad sa iyong kinatawan para sa iyo.
- Kina-kailangang bayaran mo ng buo ang halaga ng singil kung:
  — Ang iyong kinatawan ay hindi nararapat sa deretsahang kabayaran;
  — Hindi namin parehong ibinawas ang 25 porsiyento mula sa iyong mga nakaraang benepisyo ng Social Security o at ng Supplemental Security Income; o
  — Ang pag-hiling ng kinatawan mo ay nasa tamang oras para sa kanyang kabayaran at na-ipadala na namin ang mga pera sa iyo na dapat sana naming ibinawas.

Kailangan mong bayaran ang panlabas na ginastos ng iyong kinatawan inaasahan man o ang hindi inaasahang gastusin (halimbawa na, ang ginastos sa pag-kuha ng iyong mga ulat ng doktor o ospital).

## Kung iba ang mag-babayad sa iyong kinatawan Kung iba ang mag-babayad sa iyong kinatawan

Kahit na iba ang mag-babayad ng mga singil na para sa iyo (halimbawa na, kompanya ng insurance), kailangan naming aprobahan ang sinisingil maliban sa kung:

- Ikaw at alinman sa mga pumapangalawang benepisyaryo (auxiliary beneficiaries) ay malaya sa direkta o hindi-direktang pananagutan na magbayad sa mga singilin o gastusin, buo man ito o bahagi lamang, sa isang kinatawan o sa kaninuman; at
- Ito ay nonprofit na organisasyon o federal, estado, county o ahensiya ng lunsod na magbabayad sa mga sinisingil at sa anumang mga sisingilin pa na mang-gagaling sa pondo ng pamahalaan; at
- Ang iyong kinatawan ay binigyan kami ng sulat na nag-sasabing hindi ka niya sinisingil ng kabayaran mo sa kanya at ng ano pa mang nagastos na niya.

## Kung nag-appeal ka ng iyong claim sa hukumang federal

Ang korte ay maaaring payagan ang isang makatuwirang bayad sa iyong abogado. Hindi namin kailangang pang pahintulutan ang bayarin na iyon. Ang bayad ay hindi lalagpas ng 25 porsyento sa lahat ng mga benepisyong dapat nang bayaran (past-due benefits) na nagresulta mula sa desisyon ng korte. Ang iyong abogado ay hindi maaaring sumingil ng anumang karagdagang bayad para sa mga serbisyo sa pagharap sa korte.

## Pagtawag sa Social Security

Para sa karagdagang impormasyon at upang makahanap ng mga kopya ng aming mga inilimbag na lathalain, bumisita sa aming website sa ***www.socialsecurity.gov*** o tumawag ng libre, sa **1-800-772-1213** (para sa mga bingi o may kahirapan sa pandinig, tumawag sa aming TTY na numero, sa **1-800-325-0778**). Tinuturing namin ang lahat ng mga tawag na kumpidensyal. Kung ikaw ay nagsasalita ng Kastila, pindutin ang 2. Para sa lahat ng ibang mga wika, pindutin ang 1, manatili sa linya at manahimik habang nagsasalita ang aming awtomatikong hudyat sa boses Ingles, hanggang mayroong isang kinatawan na sumagot. Ang kinatawan ay tatawag sa isang tagasalin-wika upang tulungan ka sa iyong tawag. Ang serbisyo para sa tagasalin-wika ay libre. Maaari naming sagutin ang mga partikular na katanungan mula alas-7 ng umaga hanggang alas-7 ng gabi, Lunes hanggang Biyernes. Maaari kaming magbigay ng impormasyon sa Ingles sa pamamagitan ng awtomatikong serbisyong telepono 24-oras sa isang araw.

Nais din naming siguraduhin na maka-tatanggap ka ng wasto at magalang na serbisyo. Ito ang dahilan kung bakit mayroon kaming pangalawang kinatawan ng Social Security na nagmo-monitor ng ilang mga tawag sa telepono.



**Social Security Administration**
SSA Publication No. 05-10075-TL
Your Right To Representation (Tagalog)
February 2010